

Ang Goldman Sachs Group, Inc., ang mga kasalukuyang subsidyaryo at kaanib nito, kabilang ang mga MTGLQ Investor, LP at Goldman Sachs Mortgage Company (GSMC), ay nagkaroon kamakailan ng komprehensibong kasunduan sa Departamento ng Katarungan (DOJ) at iba pa na pangunahing tumutugon sa mga aksyon at kalakaran na nauugnay sa marketing, structuring, arrangement, underwriting, issuance at pagbebenta ng mortgage ng bahay na sinusuportahan ng securities (RMBS). Naninindigan ang Goldman Sachs sa pagtulong sa mga may-ari ng bahay na nahihirapang magbayad ng kanilang mga utang sa bahay. Kung nahihirapan kayong bayaran ang inyong mga utang sa bahay, maaaring kwalipikado kayo para sa karagdagang tulong sa pamamagitan ng mga espesyal na limitadong programang iniaalok sa ilalim ng kasunduang ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa Select Portfolio Servicing, Inc. para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabago sa utang o mga opsyon sa pagbabayad bilang bahagi ng Kasunduan na ito.

Nauunawaan ng **Select Portfolio Servicing, Inc.** na maaaring nakakaranas kayo ng temporaryo o pangmatagalang paghihirap at nangangailangan kayo ng tulong.

Kung nagkakaproblema kayo sa inyong mga bayad sa mortgage, narito kami para tulungan kayo at magbigay ng anumang mga posibleng opsyon na magagamit ninyo. Maaaring may magagamit kayong mga opsyon kahit pa napagkaitan o nabigyan na kayo ng tulong sa nakaraan.

Maaaring kabilang sa mga opsyon para sa tulong ang:

Plano ng Repayment – Pinahihintulutan kayo na bayaran ang mga past due na halaga ng inyong utang sa loob ng partikular na panahon upang maging current ang inyong utang. Kabilang sa bawat plano ng pagbabayad ang inyong regular na buwanang bayad at bahagi ng halaga ng past due. Ang takda ng plano ay iba-iba batay sa inyong kakayahang magbayad muli.

Pagbabago sa Utang – Pinahihintulutan kayo na gumawa ng mga permanenteng pagbabago sa mga takda ng inyong utang. Maaaring may magagamit kayong mga opsyon sa pagbabago sa utang kahit pa napagkaitan o nabigyan na kayo ng pagbabago sa utang sa nakaraan. Maaaring kabilang dito ang alinman sa mga sumusunod:

- Mas mababang kabuuang utang, kabilang ang pagpapatawad sa bahagi ng halaga ng utang
- Nakapirming antas ng interes
- Nabawasang buwanang bayad

Ang pagpapatawad sa anumang bahagi ng balanseng dapat bayaran ay maaaring may mga epekto sa buwis sa ilalim ng batas pederal o batas ng estado. Hindi kami makapag-aalok sa inyo ng legal na payo o payo tungkol sa buwis. Mangyaring kumunsulta sa isang propesyonal sa buwis.

Settlement – Isang kasunduan sa pagitan ninyo at ng Select Portfolio Servicing, Inc. kung saan ang Select Portfolio Servicing, Inc., sa ngalan ng may-ari ng utang, ay sumasang-ayon na tanggapin ang mas mababa kaysa sa buong halaga ng balanse ng inyong utang bilang buong bayad para sa inyong utang. Mananatili sa inyo ang ganap na pagmamay-ari sa inyong bahay.

Short Sale – Pinahihintulutan kayo na ibenta ang inyong bahay sa mas mababang halaga kaysa sa natitirang balanse ng inyong utang. Ang napagkasunduang neto na presyo ng pagbebenta sa bahay ay kailangang tanggap ng may-ari ng inyong utang. Babayaran ang utang sa pinagkasunduang presyo ng pagbebenta at mga takda. Kung makumpleto ang short sale, hindi na ninyo pananagutan ang mga gastos sa pagbebenta (hal. mga bayad ng broker). Maaaring ialok ang tulong sa paglipat.

Deed-in-Lieu of Foreclosure- Pinahihintulutan ang boluntaryong paglipat ng pagmamay-ari sa inyong bahay sa may-ari ng inyong utang bilang bayad sa ilan o lahat ng inyong obligasyon sa ilalim ng inyong utang. Maaaring ialok ang tulong sa paglipat.



Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa (888) 818-6032 Lunes hanggang Huwebes sa pagitan ng mga oras na 8 a.m. at 11 p.m., Biyernes mula 8 a.m. hanggang 9 p.m., at Sabado mula 8 a.m. hanggang 2 p.m., Eastern Time o bisitahin ang aming website sa www.spservicing.com.

<http://goldmansachs.mortgagesettlementmonitor.com>

Kung wala pang naitalaga sa inyo na Single Point of Contact, magtatalaga kami ng isa. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong Single Point of Contact sa buong proseso at papayuhan kayo sa mga magagamit ninyong opsyon.

Taos-pusong sumasainyo,

Select Portfolio Servicing, Inc.
(888) 818-6032